ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Espesyal na Isyu
Marso 29, 2023
www.philippinerevolution.nu


# Palagablabin at ikalat ang apoy ng digmang bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya

**Komite Sentral**
**Partido Komunista ng Pilipinas**

Mahigpit na pagsaludo at pinakamilitanteng rebolusyonaryong pagbati ang ibinibigay ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan kasabay ng pagdiriwang natin ngayong araw sa masayang okasyon ng ika-54 anibersaryo ng tunay na hukbo ng sambayanang Pilipino. Ipagbunyi natin ang mga nagawa at tagumpay na natipon ng hukbong bayan sa mahigit limang dekada ng matatag na pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa buong kapuluan. Pinagtitibay ngayong araw ng Partido at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang paninindigang labanan at wakasan ang paghahari ng imperyalistang US at kamtin ang tunay na kalayaan at demokrasya.

Sa okasyong ito, bigyang-pugay natin ang daan-daang mga bayani at martir ng hukbong bayan at purihin silang maigi bilang huwaran ng patriyotismo at buong pusong paglilingkod sa bayan. Ang pagsulong at pagpupunyagi ng digmang bayan ay utang sa kanilang indibidwal at kolektibong ambag at pinakamataas na sakripisyo. Nakaukit ang kanilang mga pangalan sa kasaysayan ng rebolusyon ng sambayanang Pilipino, at aalalahanin habampanahon.

Mahigit limang dekadang walang-tugot na isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan ang maigting at walang-lubag na digmang bayan laban sa imperyalismong US at mapang-aping tutang estado ng malalaking burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa. Pangita ito ng bakal na kalooban at determinasyon ng sambayanang Pilipino na gawin ang lahat ng posible upang wakasan ang apat na siglo ng walang-lubay na kolonyal na paglupig at mala-



kolonyal na paghahari na umapi at nagsamantala sa di na mabilang na henerasyon ng masang anakpawis sa bansa, at na patuloy na nagsasadlak sa kanila sa pamalagiang krisis at pagdurusa.

Nagsimulang maliit, ang BHB ngayon ay isang pambansang pwersa ng ilanlibong Pulang mandirigma. Bagaman maliit at mahina pa ito kumpara sa papet na Armed Forces of the Philippines (AFP) na sinanay at pinopondohan ng US, ang di mabaling katapatan at di napipigtas na ugnayan nito sa malawak na masa ng mga magsasaka, manggagawa at anakpawis, kaakibat ng wastong pamumuno ng Partido, ay nagtitiyak ng tuluy-tuloy nitong paglakas at pagkamit ng tagumpay.

Ang BHB ang pinakamakapangyarihang sandata ng Partido para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Inilulunsad nito ang matagalang digmang bayan alinsunod sa estratehikong linya ng pagkubkob sa mga kalunsuran mula sa kanayunan. Sa pag-angkop sa partikular na kalagayan sa bansa, natamo nito ang malalaking tagumpay sa pagsulong ng pakikidigmang gerilya, pagbubuo ng mga sonang gerilya at base, at pagtatatag ng Pulang kapangyarihang pampulitika na umiiral sa masaklaw na bahagi ng kanayunan, kasabay at katumbalik ng naghaharing reaksyunaryo at pasistang gubyerno. Sa araw-araw, ipinupunla nito sa libu-libong nayon ang binhi ng demokratikong gubyernong bayan na itatayo sa hinaharap.

Hinaharap ng BHB ang mas mabibigat at malalaking tungkulin. Kailangan nating pangibabawan at biguin ang maiigting na kampanya ng pagkukubkob at armadong panunupil na isinasagawa ng papet na hukbo ng US. Dapat patuloy tayong mag-ipon ng lakas sa pamamagitan ng baha-bahaging paggupo sa AFP upang dalhin ang digmang bayan mula sa kasalukuyan tungo sa mas mataas na antas. Nananatiling buong-buo ang determinasyon ng Partido at BHB na isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay.

Sa harap ng obhetibong kalagyan, malinaw sa hinaharap ang pagbukas ng bagong yugto ng rebolusyonaryong pagdaluyong sa Pilipinas. Hindi natitinag ang rebolusyonaryong paninindigan ng mga kadre ng Partido at mga Pulang mandirigma ng BHB at nakatitiyak na mapangingibabawan ang malupit na mga kampanya ng panunupil ng kaaway, at makapagtitipon ng higit na lakas sa darating na mga taon. Higit kailanman ay determinado ang Partido Komunista ng Pilipinas na pamunuan ang Bagong Hukbong Bayan para palagablabin at ikalat ang apoy ng pakikidigmang gerilya upang isulong ang matagalang digmang bayan.

## Patuloy na pinamumunuan ng Partido ang digmang bayan

ITINATAG NG PARTIDO Komunista ng Pilipinas ang Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29, 1969 upang tuparin ang sentral na tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas na durugin ang reaksyunaryong estado poder, agawin ang kapangyarihang pampulitika mula sa imperyalistang US at sa sunud-sunurang mga naghaharing uri ng malalaking burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa at halinhan ito ng Demokratikong Gubyernong Bayan ng Pilipinas na alyansa ng mga manggagawa, magsasaka at lahat ng api at pinagsasamantalahang uri sa ilalim ng pamumuno ng proletaryado.

Hindi mabilang ang naipong tagumpay at nagawa ng hukbong bayan sa nagdaang 54 taon ng pagsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Natamo nito ang lubhang mahahalagang karanasan at aral sa pagsulong ng matagalang digmang bayan sa isang maliit na kapuluan, kung saan napakalawak ng kanayunan kumpara sa kalunsuran, subalit hiwa-hiwalay sa maraming isla. Dapat nating ilatag ang plano para isulong sa mas mataas na antas ang armadong rebolusyon. Para magawa ito, kailangang masugid nating pag-aralan at ilapat ang Marxismo-Leninismo-Maoismo, muling pagtibayin ang saligang mga prinsipyong inilatag ng Partido para sa pagsulong ng digmang bayan sa Pilipinas, at humalaw at mahigit na panghawakan ang mga aral mula sa ating mga tagumpay, pati na sa mga kabiguan.

Nagsusulong ang BHB ng matagalang digmang bayan alinsunod sa estratehikong linya ng pagkubkob sa mga kalunsuran mula sa kanayunan. Dahil nagsimulang mahina at maliit, kailangan ng relatibong mahabang panahon na magsulong ang BHB ng malawak na pakikidigmang gerilya upang makapag-ipon ito ng lakas at itayo ang armadong pwersa nito sa buong bansa sa pamamagitan ng paggapi at baha-bahaging pagwasak sa armadong lakas ng kaaway, hanggang may sapat na itong lakas na tumungo sa mga lunsod mula sa matatatag na rebolusyonaryong base sa kanayunan at agawin ang estado poder sa buong bansa. Sa mahabang panahon ng paglakas, dadaan sa tatlong yugto ang digmang bayan—ang estratehikong depensiba, estratehikong pagkapatas at estratehikong opensiba—kung saan dadaan ang mga rebolusyonaryong pwersa sa inaasahang landas ng

ANG Bayan

Espesyal na Isyu | Marso 29, 2023

ang.bayan@cpp.ph

@angbayan1969

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

pag-unlad mula sa pagiging mas mahina, kapantay ng lakas at malao'y mas malakas kaysa pwersa ng kaaway.

Nang itatag ito noong 1969, may panimulang pwersa ang BHB na 60 Pulang mandirigma at kumander na may siyam na ripleng awtomatik, 26 na ripleng isang-putok at mga pistola, at baseng masa na humigit-kumulang 80,000 sa unang distrito ng prubinsya ng Tarlac. Sa pagsusulong ng malawakang pakikidigmang gerilya, kumalat ang apoy ng digmang bayan sa buong bansa. Kasalukuyang mayroon itong libu-libong Pulang mandirigma na armado ng matataas na kalibreng baril, mga eksplosibong gawa sa karaniwang materyales, at iba pang saligang mga sandata na itinatambal sa mga sundang, pana, sibat at lahat ng klase ng sandatang hawak ng mamamayan na nagagamit sa mga operasyong gerilya. Mayroon itong baseng masa na ilang milyon sa buong bansa. Hanggang tumatalima tayo sa wastong mga estratehiya at taktika, tiyak na ibayo pa tayong lalaki at lalakas.

Walang kapaguran ang BHB sa pakikipaglaban sa nagdaang 54 taon. Bagaman ilang ulit na itong lumakas, malayong pabor pa sa kaaway ang balanse ng pwersa. Sa yugtong ito ng digmang bayan, dapat patuloy itong magtatag, magpalawak at magkonsolida ng mga larangang gerilya, magtayo ng mga platun at kumpanyang gerilya, na katuwang ang higit na mas malaking bilang ng mga yunit ng milisyang bayan na sinusuportahan ng ilampung libong pangkat pananggol-sa-sarili sa mga nayon. Ang tungkulin ay isulong ang masaklaw at maigting na pakikidigmang gerilya sa batayan na papalawak at papalalim na baseng masa.

Matatag na sumulong at pinangibabawan ng BHB ang lahat ng disbentahe at mga pagkabigo sa lahat ng yugto sa kasaysayan. Binigo nito ang magkakasunod na kampanya ng kaaway ng pagkubkob at armadong pagsupil, mula sa Oplan Prophylaxis, Task Force Lawin (Tarlac), Oplan Saranay (Isabela) at mga kasunod na oplan (*operation plan*) ng AFP sa 14 na taon ng batas militar ng diktadurang Marcos, kabilang ang Oplan Katatagan at ang pinagbatayan nitong Oplan Cadena de Amor sa Southern Tagalog; pati na ang Oplan Lambat Bitag I at II at ang bantog sa kasamaan na Oplan Thunderbolt sa Negros Island sa ilalim ng unang rehimeng Aquino; ang Oplan Lambat Bitag III at IV sa ilalim ng rehimeng Ramos; ang Oplan Gordian Knot at Oplan Makabayan sa ilalim ng rehimeng Estrada; ang Oplan Bantay Laya I at II sa ilalim ng rehimeng Arroyo; Oplan Bayanihan sa ilalim ng ikalawang rehimeng Aquino; at ang Oplan Kapayapaan at Oplan Kapanatagan mula sa rehimeng Duterte hanggang sa kasalukuyang rehimeng Marcos.

Sa bawat kampanya, kinukombina ng kaaway ang mga operasyong saywar, intelidyens at kombat, upang wasakin ang baseng masa ng hukbong bayan at pwersahin itong malagay sa sitwasyong lantay militar para lubos na masamantala ng kaaway ang superyoridad nito sa bilang, mga sandata at kagamitan. Noon at ngayon, nagpapakat ang kaaway ng ilanlibong mga tropang pasista na ikinokonsentra at ipinangkukubkob sa isa o ilang larangang gerilya ng BHB sa anumang panahon. Subalit magagawa lamang niya ito na iniiwang bakante ang mas malawak na erya kung saan maaaring lumipat, maggawaing masa, maglunsad ng mga taktikal na opensiba at lumikha ng mga inisyatiba para sa mga pakikibakang pampulitika at pangmilitar.

Lagi't lagi na ang susi ay tuluy-tuloy na magpalapad at magpalalim ng ugnayan ang BHB sa malawak na masang magsasaka upang magkaroon ng sapat na puwang para sa pagmamaniobrang gerilya. Sa aktibong paglaban ng organisadong masa, at paglambong nila sa kanilang mga pwersang gerilya, mabibigo natin ang pagtatangka ng kaaway na ikonsentra ang kanyang mga pwersa laban sa maliliit nating pwersa, mapananatili siyang bulag at bingi, at matutulak siyang magsayang ng lakas at rekurso sa pagsuntok sa hangin, na kanyang ikapapagod. Pinupukaw, inoorganisa at pinakikilos ng Partido at BHB ang masa sa kanayunan para maglunsad ng mga pakikibakang antipyudal at pampulitika laban sa pasismo at imperyalistang pandarambong, magtatag at magsanay ng mga milisyang bayan para maglunsad ng pakikidigmang gerilya ng mamamayan para birahin ang kaaway mula sa lahat ng panig at paduguin ito sa libong sugat.

Ang preserbasyon at pambansang paglago ng BHB sa pamamagitan ng limang dekadang paglaban ay malinaw na nagpapatunay sa katumpakan ng estratehiya at mga taktikang inilahad ng Partido para sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa Pilipinas. Naisaalang-alang natin ang kalupaang at panlipunang kalagayan ng bansa, at kung papaanong posible at kailangang ilunsad ang digmang bayan mula sa kanayunan na pangunahi'y agraryo at atrasado kung nasaan ang mayorya ng sambayanang Pilipino.

Nakita natin ang tuluy-tuloy na paglago ng BHB sa mga taon ng kanyang kamusmusan. Nagawa nating biguin ang mga kampanyang "nip in the bud" ng unang rehimeng US-Marcos sa pamamagitan ng mabalasik na pagsusulong ng pakikidigmang gerilya at pagpupunyaging pakilusin ang bayan sa pulitika at militar.

Nagawa ng Partido na pandayin ang hukbong bayan na mataas ang disiplina, buo ang kapasyahan at nakatayo sa sariling paa. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng BHB sa buong bansa, una sa mga mayor na isla, at malao'y sa mas maliliit na isla, nagawa nating pangibabawan ang panimulang disbentahe ng paglaban sa isang maliit na bansang pulu-pulo at nagawang gawin itong bentahe. Natulak natin ang kaaway na hati-hatiin ang kanyang pwersa at ikalat sa iba't ibang isla. Nagawa nating pangibabawan ang panimulang kahira-

pan ng pagkakaroon ng maliit at bulnerableng pwersa sa pamamagitan ng paghawak sa mga susing mabundok na tereyn sa mga hangganang sumasaklaw sa ilang prubinsya, at malao'y nagpalapad sa matataong dalisdisan at kapatagan. Sa gayon, natulak natin ang kaaway na manipis na ikalat nito ang pwersa sa malapad na kanayunan.

Kanlong ng suporta ng minoryang mamamayan at mahihirap na setler, nagamit na bentahe ng BHB ang mga bundok at kabundukang may makapal na kagubatan bilang baseng pisikal para sa pagsasanay, konsolidasyon, pagbabalak at para ilunsad ang gawain sa pagpopropaganda, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mas matataong dalisdisan, kapatagan, mga nayon sa tabing ilog, tabing-dagat at mga kabayanan sa magkakanugnog na prubinsya.

Sa pamamagitan ng patakaran ng sentralisadong pamumuno at desentralisadong operasyon, nakapagpalitaw ang Partido at BHB ng mga panrehiyon, pangsubrehiyon at panlarangang mga kadre at kumander na mataas ang kalidad. Buong-buo ang kanilang kakayahan na pamunuan ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kanilang saklaw, at tuluy-tuloy na isagawa ang mga operasyon kahipaman piliin ng kaaway na konsentrahan ang kanilang mga erya.

Napreserba at napalago ng BHB ang kanyang pwersa. Mula sa mga armadong pangkat pampropaganda, at maliliit na yunit gerilya, nakapagtayo ito ng mga platun at kumpanya at nakapagtatag hanggang 128 larangang gerilya sa buong bansa. May epektibong kumand at koordinasyon ang BHB sa mga yunit gerilya hanggang sa antas rehiyon, at nakapaglunsad ng antas-pambansang koordinadong kampanya laban sa kaaway.

Habang mabilis na lumapad at lumaki ang BHB noong dekada 1980, may ilang taksil na bumagbag sa saligang mga prinsipyo at pagsusuri ng Partido kabilang ang saligang estratehiya at mga taktika ng digmang bayan. Kinwestyon nila ang pagsusuri sa lipunang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas, at iginiit na mas nananaig na ang kalunsuran kaysa kanayunan, bulag na gamit ang mga estadistika ng gubyerno. Itinulak nila ang alamat na naging kapitalista ang Pilipinas sa ilalim ni Marcos sa pamaagitan ng kanyang diumanong "11 proyektong pang-industriya," na nagkukubli sa katotohanang ang ekonomya'y nananatiling agraryo, atrasado at pre-industriyal. Inilatag nito ang batayan para isaisantabi ang saligang mga prinsipyo ng digmang bayan at itulak ang linya ng "insureksyunismong lunsod" na sinusuportahan at tinatambalan ng adelantadong regularisasyon ng BHB at paglulunsad ng hindi masustineng mga opensiba sa itinulak na adbenturismong militar noong 1983-1984 at 1987-1988.

Itinayo ang hanggang 36 na kumpanya at dalawang batalyon ng buong-panahong mga panlabang yunit ng BHB, una sa Mindanao, at malao'y sa buong bansa, na nagresulta sa malaking pagbawas ng bilang ng mga yunit para sa gawaing masa, at pagkitid ng baseng masa at lugar na saklaw ng mga larangang gerilya. Inalis ang kumprehensibong mga tungkulin ng mga platun at iskwad ng BHB, matapos na pakitirin ang kanilang tungkulin bilang mga yunit pangserbisyo sa mga sobrang nagkakonsentrang mga kumpanya ng BHB. Naging makitid at mababaw ang baseng masa. Nagkamit ng mga dramatiko, subalit lubhang sumunog sa sariling mga tagumpay militar, na katapusa'y pansamantala lamang. Napakalaki ng kapalit ng paggapi sa matitigas na target. Kukupas kalaunan ang mga tagumpay na ito dahil sumuong ang BHB sa sitwasyong lamang ang kaaway, na malao'y magpapakat ng higit na malaking pwersa laban sa nakakonsentrang yunit ng BHB, na naging bulnerable na dahil sa pagkabawas ng baseng masa. Itinulak ng kaaway ang mga konsentradong kumpanya ng BHB na maging hiwalay at pasibo, at naglunsad ng kampanya ng malupit na pagsupil laban sa baseng masa, mga lokal na sangay ng Partido at mga organisasyong masa.

Dumanas ng walang-kaparis na pagkabigo ang BHB at mga rebolusyonaryong pwersa bunga ng adbenturismong militar kakombina ang insureksyunismong lunsod. Pinalala ito ng hibang na kampanya ng pagpurga ng "deep penetration agent" ng kaaway na diumano'y maramihang nakapasok sa loob ng Partido, ng BHB at mga rebolusyonaryong organisasyong masa, na maling pinagbuntunan ng mga kabiguang militar. Kabilang dito ang labis na mapaminsalang Kampanyang Ahos sa Mindanao at katulad na mapaminsalang kampanya sa ibang rehiyon, kung saan ilang daang kadre ng Partido, mga Pulang mandirigma at aktibista ang tinortyur at pinatay ng mga tampalasang militarista batay sa mahinang salalayan at walang masugid na ebalwasyon sa ebidensya at patas na pagdinig. Napaatras sa antas 1984 ang rebolusyon bunga ng walang-kapantay na mga kabiguang ito.

Inilunsad ng ika-10 plenum ng Komite Sentral ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (1992-1998) para iwasto ang mga kamalian ng adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod at muling pagtibayin ang saligang mga prinsipyo ng Partido, ang wastong pagsusuri nito sa malakolonyal at malapyudal na lipunan, ang programa nito para sa demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at ang kanyang paninindigang anti-rebisyunista. Itinaas nito ang kaalaman sa teorya at gagap sa Marxismo-Leninismo-Maoismo sa pamamagitan ng kilusang pag-aaral at kampanya para lagumin ang mga karanasan, at ilinaw ang kumprehensibong mga tungkuling rebolusyonaryo. Matataginting na tagumpay ang nakamit nito sa larangang ideolohiya, pulitika at organisasyon na naging batayan para tuluy-tuloy, solido at lahatang panig na makapagpalakas ang Partido at lahat ng rebolusyonar-

yong pwersa.

Inilatag ng Partido ang linya ng masaklaw at maigting na pakikidigmang gerilya sa batayan na papalawak at papalalim na baseng masa. Muling ipinakat ng BHB ang mga yunit nito upang bigyang-diin ang gawaing masa at pagbawi ng mga nawalang teritoryo, mapangahas na makapagpalawak at magkonsolida ng kanyang baseng masa.

Matapos palakasin ng kilusang pagwawasto, pinangibabawan ng mga larangang gerilya ng BHB ang kontra-insurhensyang kampanya sa ilalim ng rehimeng Ramos na kinatangian ng matitinding operasyong saywar at opensibang militar, gayundin ang halos sampung taon ng malupit na panunupil sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Nagawang makapagpalakas ng mga rebolusyonaryong pwersa maging sa mga lugar na nag-opensiba ang kaaway. Kung saan napalapad at napalalim ang baseng masa, hindi nagagawa ng kaaway na ikonsentra ang pwersa nito sa isang lugar na hindi iniiwan ang mas malapad na lugar para makapaglipat ang BHB, magsagawa ng ahitasyong pampulitika, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa at para makapagpalakas sa sarili.

Sa kalakhan, matatag na sumulong ang BHB mula 2005 hanggang 2016. Noong 2009, naglabas ang Komite Sentral ng panawagan na paigtingin ang mga taktikal na opensiba na may layuning kumpletuhin ang rekisito ng panggitnang bahagi ng estratehikong depensiba at umabante tungo sa abanteng bahagi at tungo sa tarangkahan ng estratehikong pagkapatas. Sa pananaw ng Partido, may kritikal na lakas ang BHB para mabilisang umabante.

Ang deklaradong layunin ng Oplan Bayanihan ng rehimeng Aquino (2010-2016) ng paggapi sa BHB, ay binigo ng BHB na sa pangkalahatan ay nakapagmantine ng kanyang pwersa at nagkamit ng markadong pagsulong sa ilang rehiyon, partikular sa Mindanao. Kasabay nito, kinailangang harapin ng hukbong bayan ang problema ng sobrang pagkalat o dispersal ng mga iskwad o pangkat sa pagmamadaling masaklaw ng maliit na pwersa ang malaking erya. Lumitaw din ang kabaligtarang problema ng pagpapakitid ng sarili kung saan nagtakda ang mga yunit ng BHB ng limitadong erya ng pagkilos na lumikha ng mga problema sa inisyatiba at konserbatismong militar. Mayroon ding labis na disbalanse sa mabilis na paglawak at pagsulong sa ilang bahagi, habang naging tigil at dumanas ng mga kabiguan sa ibang bahagi.

Noong 2017, sa utos ng US, naglunsad ang AFP ng tuluy-tuloy na mga kampanya ng pagkubkob at panunupil (tinaguriang *focused military operations*) laban sa mga yunit ng BHB sa buong bansa. Sa udyok ng gubyernong Trump noong Oktubre sa taong iyon, idineklara ng noo'y presidenteng Rodrigo Duterte na "terorista" ang PKP at BHB upang mapadaloy ng gubyernong US ang hindi tinutuos na pondo tungo sa AFP sa pamamagitan ng Operation Pacific Eagle-Philippines sa ilalim ng "overseas contingency operations" ng US State Department. Pinabilis mula noon ng AFP ang kanyang "programang modernisasyon" na nagprayoridad sa pagbili ng mga pang-atakeng helikopter, mga *drone*, *jet fighter*, bomba, *howitzer* (kanyon), masinggan, ripleng awtomatik at iba pang sandata para sa operasyong kontra-gerilya.



Kapalit ng pabigat na taunang gastusing militar, dinagdagan pa nang hindi bababa sa 10 ang bilang ng mga batalyon ng AFP (humigit-kumulang 4-5 libong tropa) para sa kabuuang 150 batalyon ng mga sundalo at pulis na humaharap sa BHB. Ang layunin ng AFP ay magpakat ng hindi bababa sa isang batalyon laban sa bawat larangang gerilya ng BHB upang babaran ang mga baryong pinagsususpetsahang nagbibigay ng suportang pampulitika at pangmilitar sa BHB. (Sinakop ng mga operasyon nito maging ang mga syudad at sentrong bayan kung saan target ng pampulitikang panunupil ang mga unyon ng mga manggagawa, samahan sa komunidad at mga organisasyon sa mga unibersidad.) Gayunman, kahit napakalaki ng bilang, hindi pa rin kaya ng mga tropang pangkombat ng AFP na sakupin ang buong lapad ng erya para sa maniobrang gerilya ng mga yunit ng BHB kung saan makapag-iinisyatiba ito para sa gawaing masa at paglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Ang mga tropa ng kaaway na sumasakop sa mga baryong ito ay naging target ng mga taktikal na opensiba ng mga platoon ng BHB at mga lokal na yunit milisya.

Ang sustenidong mga opensibang militar ng kaaway mula 2018 ay unang tumarget sa mga rehiyon ng Southern Mindanao, Northeast Mindanao, North Central Mindanao (nang ipinailalim ang buong Mindanao sa batas militar), ang Bicol, Eastern Visayas at Negros (mga rehiyong ipinailalim sa paghaharing militar sa pamamagitan ng Memorandum Order 32). Pinakawalan ng AFP

ang pinakamalalalang anyo ng pasistang kabangisan laban sa masang magsasaka, kabilang ang malalalang pagbabanta at intimidasyon, iligal na pag-aaresto, tortyur, panggagahasa, pagdukot at pagwala, ekstrahudisyal na pagpaslang, masaker at koordinadong maramihang pagpatay. Sa ilalim ng tulak ng diumano'y "pagpapasurender," inaakusahan at hinuhusgahan ng militar ang mga tao ng pagsuporta sa BHB na walang dinadaaang prosesong hudisyal. Buo-buong kampanya ang ipinaiilalim sa hamlet at dumaranas ng terorismo ng estado. Ginagamit na baraks ng mga pasistang tropa ang mga bulwagan, klinik, pasilidad pang-isports at iba pang istrukturang sibilyan; nagpapataw ng karpyu, blokeyo sa pagkain at komersya at iba pang panggigipit na nagdudulot ng labis na pahirap sa mamamayan; at nagsasagawa ng panganganyon at paghuhulog ng bomba malapit sa mga sentrong populasyon, bukid at kagubatan.

Sa kalakhan, bigo ang limang taong kampanya ng pagkubkob at panunupil ng AFP na matamo ang idineklara nitong layuning lupigin ang BHB. Sa ilang rehiyon, nakapagmantine o nakapagpalawak ng bilang ang mga Pulang mandirigma, at patuloy na nagsusulong ng mga taktikal na opensiba laban sa mga pasistang tropa ng kaaway. May ilang rehiyon o larangang gerilya na dumanas ng mga pinsala o makabuluhang pag-atras dahil sa ilang panloob na kahinaan at pagkukulang.

Nanawagan ang pamunuan ng Partido na lagumin ang mga karanasan sa nagdaang lima at 25 taon upang humalaw ng mahahalagang aral sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Puspusang nag-aaral ang mga kadre ng Partido at mga Pulang mandirigma ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ng mga saligang dokumento ng Partido kabilang ang Mahigpit Nating Tungkulin, Espesipikong Katangian ng Ating Digmang Bayan, Iwasto at mga Pagkakamali at Muling Itayo ang Partido, Muling Pagtibayin ang Ating Saligang mga Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali, at iba pa, upang bunutin ang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong ugat ng ilang problem sa maraming rehiyon.

Sa nagdaang 54 taon, naglulunsad ang kaaway ng sunud-sunod na mga kampanya ng pagkubkob at panunupil, na isang padron ng pag-atake sa baseng masa ("clear-hold-consolidate") upang ihiwalay at ilagay ang mga yunit ng hukbong bayan sa sitwasyong lantay militar. Ang laki, bilis at mga taktika ng mga kampanyang ito ay nagbabago sa paglipas ng panahon, subalit nananatili ang saligang padron.

Sa kabilang panig, paulit-ulit na ipinakikita ng Bagong Hukbong Bayan ang kakayahan nitong biguin ang kampanyang militar ng kaaway at lalo pang makapagpalakas sa pamamagitan ng paglalapat ng mga taktika ng pakikidigmang geriya ng dispersal, paglilipat at konsentrasyon. Para umiwas sa pag-ensirkulo ng kaaway, ang pangunahing pwersa (o *main body*) ng isang yunit ng BHB ay maaaring umatras, magpakat ng mga pangkat para mag-isnayp o tambangan ang mga umaatakeng kolum ng kaaway, at maglipat para magpalawak ng erya para sa gawaing masa. Habang nagkakampo at sinasakop ng kaaway ang isang lugar, pinag-aaralan ng BHB at mga lokal na yunit ng milisya at pakat at padron ng operasyon ng mga yunit ng kaaway upang tukuyin ang mahihinang bahagi nito (linya sa suplay, gwardya sa perimetro, nagpapatrulyang yunit) na maaaring patamaan ng mga taktikal na opensiba. Sa sariling inisyatiba o kasama ang mga yunit ng BHB ay maaaring maglunsad ng malawak na operasyong gerilya sa likuran ng kaaway o mga punitibong aksyon ng mga partisano o yunit sa espesyal na operasyon laban sa mga instalasyon, yunit o tauhan ng kaaway. Kasabay nito, maaaring ikoordina ng kumand ng BHB sa antas rehiyon o subrehiyon ang mga yunit ng BHB sa ibang larangang gerilya upang maglunsad ng napapanahong taktikal na opensiba para tulungan ang mga larangang gerilyang kinukubkob, at upang makapagpalakas sa sarili.

Sa paglalagom ng ating mga karanasan, partikular sa nagdaang limang taon, dapat gabayan tayo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ng unibersal na mga prinsipyo ng pakikidigmang gerilya, gayundin ng estratehiya, mga taktika at partikular na mga aral na halaw at nilagom mula sa sarili nating karanasan sa mahigit limang dekada ng pagsulong ng matagalang digmang bayan. Dapat tukuyin at pangibabawan natin ang ating mga kahinaan, pagkukulang at pagkakamali na naglimita sa ating kakayahan sa pagsusulong ng masaklaw at maigting na pakikidigmang gerilya sa batayan na papalawak at papalalim na baseng masa sa nagdaang mga taon; sumagka sa pagkokombina natin ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatatag ng baseng masa; gayundin, humadlang sa pagtulak nating itaas ang antas ng rebolusyonaryong kilusang masa kapwa sa kalunsuran at kanayunan.

Sa partikular, kailangan nating komprehensibong harapin at ugatin ang sumusunod na kapuna-punang problema sa saklaw ng pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka: (a) ang *self-constriction* ng ilang yunit ng BHB, (b) kaisipang kutang bundok at tendensyang rebeldeng lagalag sa iba, (c) kabiguan ng ilang larangang gerilya na magpalapad sa mas mataong dalisdisan, kapatagan, at mga nayon sa tabing ilog at tabing dagat, (e) pagkabawas sa dami ng sandatang nakukuha sa kaaway, (f) mabagal na paglawak at pagkonsolida ng baseng masa, (g) kakulangan sa napapanahong pananaliksik at panlipunang imbestigasyon sa mga problemang nakaaapekto sa pinakamalaking bilang ng mamamayan sa ating mga erya, (h) mababang antas ng propaganda at ahitasyon, pati na ang pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masa ng mga magsasaka sa mga pa-

kikibakang antipyudal at antipasista, (i) kulang na pagkalat ng pakikidigmang gerilya laluna sa likuran ng kaaway, at ng kabiguang pasiglahin at pakawalan ang inisyatiba sa pakikidigmang gerilya ng mga yunit milisya at mga pangkat pananggol-sa-sarili, (j) paglimita ng lakas at saklaw ng gawain ng Partido sa pag-oorganisa at pagpapakilos sa bayan sa antas ng lakas ng BHB, at iba pang problema.

Buo ang kapasyahan ng Partido at lahat ng rebolusyonaryong pwersa na harapin, lutasin at pangibabawan ang mga problemang ito upang epektibong pamunuan nang malawakan ang sambayanang Pilipino sa kanilang mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika laban sa pasistang rehimeng US-Marcos, palakasin ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan, isulong ang matagalang digmang bayan sa pamamagitan ng masaklaw at maigting na pakikidigmang gerilya sa batayan na papalawak at papalalim na baseng masa, at pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan para kamtin ang hangarin ng taumbayan para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

## Palagablabin at ikalat ang apoy ng matagalang digmang bayan

Determinado ang Partido na pamunuan ang Bagong Hukbong Bayan at malawak na masa ng sambayanang Pilipino para palagablabin at ikalat ang apoy ng matagalang digmang bayan at pakikidigmang gerilya.

Dapat patuloy na patatagin ng Partido ang sarili sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, at palakasin ang absolutong pamumuno sa BHB. Dapat kumpletuhin sa kasalukuyang taon ang paglalagom ng karanasan sa nagdaang lima at 25 taon. Dapat puspusang mag-aral at magbalik-aral ang mga kadre ng Partido at kumander ng BHB sa mga saligang dokumento ng Partido, mga dokumento ng IDKP, mga klasikong sulating Marxista-Leninista-Maoista, at ng karanasan sa pagsulong ng digmang bayan at pakikidigmang gerilya sa China at Vietnam.

Dapat pagplanuhan ang komprehensibong pagpapalapad at pagpapalakas ng ating mga larangang gerilya upang saklawin ang buong lapad at lalim ng pisikal at panlipunang tereyn, na pinagkokombina ang magugubat na bundok at kabundukan, dalisdisan, kapatagan at mga nayon sa tabing-ilog at tabing-dagat, hanggang sa mga sentrong bayan. Saanman kumikilos ang BHB, dapat nitong ipatupad ang programa ng Partido sa reporma sa lupa upang buklurin ang malawak na masa ng mga magsasaka alinsunod sa linya ng antipyudal na nagkakaisang prente. Dapat buuin ang mga organisasyong masa upang makatuwang sa pagpapatupad ng minimum na programa sa reporma sa lupa at pagsulong ng pakikibaka para sa pagpapababa sa upa sa lupa at interes sa pautang, pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang-bukid, pagpapataas ng produksyon at pagpapaunlad ng ibang okupasyon upang itaas ang kita, pagtipon ng lakas paggawa at lupa para sa kolektibong pagsasaka, at iba pa. Dapat buuin ang sangay ng Partido at rekrutin ang mga abanteng elemento sa hanay ng mga magsasaka na napupukaw ng mga pakikibaka para sa reporma sa lupa. Dapat buuin at pasiglahin ang milisyang bayan at mga yunit pananggol-sa-sarili para maglunsad ng pakikidigmang gerilya at gumampan ng iba pang tungkuling militar.

Dapat tuluy-tuloy na palakasin ng Partido ang organisasyon sa Bagong Hukbong Bayan upang ilagay sa kumand nito ang rebolusyonaryong pulitika sa lahat ng panahon. Dapat itaas ang kaalaman sa teorya at kamulatan sa ideolohiya at pulitika ng mga kadre ng Partido at mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB. Dapat ibayong itaas ang diwa ng buong-pusong paglilingkod sa bayan, at ng pagtitiwala at pagsandig sa masa. Dapat itaas ang kapasyahang lumaban ng lahat ng Pulang kumander at mandirigma ng BHB at ang kanilang determinasyong ubos-kayang isulong ang rebolusyonaryong kilusan.

Dapat tiyakin natin ang tamang pakat ng mga pwersa ng BHB upang bigyang diin ang paalon na pagpapalawak at konsolidasyon ng baseng masa. Dapat may malinaw na plano ang mga kumpanya at platun para sa pagpapalawak, pagbawi at konsolidasyon sa isang takdang panahon.

Dapat iwasan natin ang mata-



galang pagkokonsentra ng malaking bilang ng tropa. Dapat iwasto din ang tendensyang absolutong nakakonsentra ang mga platun sa lahat ng panahon, na naglilimita sa kakayahang maging makilos, nakakabawas sa abot at inisyatiba, nagsasadlak sa kanila sa pagkapasibo sa harap ng maigting na mga nakapokus na operasyong militar, at gayo'y ginagawa silang bulnerable sa maagang pagkatukoy ng kaaway, at sa asintadong mga birang pangkati at panghimpapawid. Sa kabilang panig, dapat ding iwasto ang tendensya ng sobrang dispersal at labis na pagbanat ng mga iskwad at pangkat sa hangaring sumaklaw ng mas malawak na erya para sa pagbawi at pagpapalawak. Kung walang mahigpit na kontrol at tamang direksyon mula sa kanilang inang yunit, at sa harap ng di paborableng sitwasyon, madali silang nauubusan ng inisyatiba at nauuwi sa pagkapasibo kung kaharap ang mas malakas na pwersa ng kaaway.

Dapat magpakadalubhasa ang mga kumander ng mga kumpanya at platun, at mga kadre ng Partido, sa sining ng wastong paggamit at pagpakat ng mga tropa. Upang panatilihin ang pleksibilidad at inisyatiba, mainam na panatilihin sa relatibong konsentrasyon at dispersal ang ating mga regular na platun, at iwasan ang absolutong konsentrasyon at labis na dispersal. Dapat wastong hatiin ang mga pwersang ng ating mga gerilyang platun, na umiiwas sa absolutong patas na paghati ng lakas sa militar at pulitika. Dapat mayroong pangunahing pwersa na magsisilbing sentro de grabidad sa militar at pulitika, na nasa relatibong konsentrasyon (kung saan ang mga pangkat ay pwedeng mabilisang idispers at tipunin) habang ang mga iskwad at pangkat ay nasa relatibong dispersal (relatibong mas malayu-layong distansya). Ang ganitong mga prinsipyo at paraan ay aplikable rin sa mga kumpanyang gerilya.

Dapat tiyakin na laging mayroong inisyatiba sa militar ang BHB at pinagkokombina ang iba't ibang tipo ng pormasyon at operasyong gerilya. Maaaring ipakat ng mga kumpanya at platoon ang mga iskwad at pangkat upang magsagawa ng maliitang aksyong gerilya na kinokoordina sa mga lokal na yunit sa milisya at pangkat pananggol-sa-sarili. Maaaring atasan ang mga partisano at espesyal na yunit na magsagawa ng operasyong punitibo at pagsabotahe sa likuran ng kaawan. Ang relatibong konsentradong mga yunit gerilya sa rehiyon at subrehiyon ay dapat maglunsad ng mga anihilatibong taktikal na opensiba laban sa malalambot na target o mahihinang bahagi ng kaaway bilang tampok na aksyon sa gitna ng malawakang aksyong gerilya ng mga yunit sa gawaing masa, mga milisya, at mga pwersang pananggol-sa-sarili.

Sa lahat ng antas ng kumand, dapat magbalak ang BHB na maglunsad ng maliliit at malalaking anihilatibong taktikal na opensiba na nagtitiyak sa pagkumpiska ng sandata ng kaaway, kakombina ng malawakang atritibo at punitibong aksyong militar. Sa pamamagitan ng anihilasyon ng mga pwersa ng kaaway at pagkuha ng kanyang mga sandata, matitiyak ang tuluy-tuloy na paglaki at paglakas ng BHB.

Katuwang ng mga panlarangang gerilyang yunit ng BHB, dapat buuin o palakasin at pasiglahin ng mga lokal na sangay ng Partido ang mga yunit sa milisya ng hukbong bayan, pati na ang mga kwerpong pananggol-sa-sarili ng mga lokal na rebolusyonaryong organisasyong masa, upang isagawa ang malawak na pakikidigmang gerilya ng mamamayan. Nagsisilbi silang malawak na base ng mga batayang yunit gerilya sa larangan ng BHB. Dapat kunin ng mga ito ang inisyatiba na gamitin ang lahat ng sandatang pwedeng gamitin para patamaan ang kaaway sa lahat ng panig, habang nakikipagkoordina sa mga yunit milisya sa tabing nayon at sa mga lokal na yunit gerilya ng BHB.

Habang pinamumunuan ng Partido ang BHB, dapat malinaw din ang pagtanaw na mas masaklaw ang pamumuno nito, dahil pinamumunuan at pinalalakas din nito ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan, ang pagbubuo ng nagkakaisang prente at iba pang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Ang komprehensibong pamumuno ng Partido ay hindi dapat itakda ng saklaw ng BHB o limitahan ng lakas nito. Itinatayo ng Partido ang BHB, at kung saan hindi pa nito maitatag o maipakat ang hukbong bayan, nagtatayo ang Partido ng mga komiteng panteritoryo sa prubinsya, distrito, syudad at bayan, at nagtatayo ng iba't ibang tipo ng organisasyon para pukawin, organisahin at pakilusin ang bayan.

Dapat palakasin ng Partido ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan at pamunuan ang malawak na masang magsasaka sa paglulunsad ng malawakang pakikibakang antipyudal at antipasista. Dapat buuin ng namumunong komite ng Partido sa mga antas ng larangan at rehiyon ang kinakailangang makinarya at sanayin ang mga kadre at aktibista para magsagawa ng pangmasang pag-oorganisa at pagpapakilos. Dapat buuin o itayong muli ang saligang rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga magsasaka, kababaihan, kabataan, manggagawang pangkultura at mga bata. Ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika o mga rebolusyonaryong komite sa baryo ay dapat itatag sa pundasyon ng organisadong lakas ng masa, ng Partido at hukbong bayan.

Dapat tayong magsagawa ng pananaliksik at panlipunang imbestigasyon upang tukuyin ang pangunahing manipestasyon ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa mamamayan, at maiinit na usaping nagdudulot ng pasakit sa mayorya ng mamamayan. Dapat isagawa natin ang propaganda at ahitasyon para itaas ang pampulitikang kamulatan at militansya ng bayan, at maglunsad ng mga kampanyang masa para buklurin ang pinakamalaking bilang ng mamamayan.

Dapat ilunsad ang mga pakiki-

bakang masa para pakilusin ang malaking bilang ng masang magsasaka para itulak ang kanilang kahingian para ibaba ang upa sa lupa at interes sa pautang laban sa mga despotikong panginoong maylupa, mangangamkam ng lupa at usurero. Dapat pukawin ang masang magsasaka, ang masang minorya at mga mangingisda para labanan ang malawak na neoliberal na pang-aagaw sa kanilang kabuhayan ng mga kumpanya sa real estate, plantasyon, pagmimina, imprastruktura, pati na mga proyekto sa reklamasyon. Dapat pukawin ang malawak na masa na labanan ang mga brutal na taktika ng terorismo ng estado, at ilantad ang malinaw na ugnayan ng pasistang panunupil sa mga neoliberal na patakaran at programa sa ekonomya ng rehimeng Marcos.

Dapat palakasin natin ang pamumuno ng Partido sa rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran at mga kabayanan at isulong ang mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika ng masa, na nag-uugnay ng kanilang pang-araw-araw na pakikibaka sa antipasista at anti-imperyalistang pakikibaka ng mamamayan, pagtatayo ng rebolusyonaryong kilusang lihim, at pagtatatag ng malaking bilang ng mga sangay ng Partido. Dapat patuloy na magpalitaw ng malawak na suportang pampulitika at materyal para sa armadong pakikibaka. Dapat epektibong magrekrut at magsanay ang Partido ng mga manggagawa at intelektwal na maaari nitong ipakat sa kanayunan para gumampan ng mga gawain sa rebolusyonaryong kilusang magsasaka o sa hukbong bayan.

---

## Lalong mataba ang lupa para sa digmang bayan

PINATITINGKAD NG MABILIS na sumisidhing pandaigdigang kapitalistang krisis at ng nabubulok na estado ng naghaharing malakolonyal at malapyudal na sistema ang pangangailangang maglunsad ng pambansang demokratikong rebolusyon. Nagdurusa ang malawak na masa ng mamamayang Pilipino sa lalong hindi mabatang na mga anyo ng pang-aapi at pagsasamantala. Sa pamumuno at gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas, higit silang determinadong lumaban para palayain ang bansa mula sa pagsaklot ng imperyalismong US at ng sunud-sunurang naghaharing mga uri, at kamtin ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Binalangkas sa mensahe ng Komite Sentral noong Disyembre 26, 2022 ang pangunahing hugis ng kalagayan sa daigdig na kinatatangian ng tumitinding tunggalian ng mga uri at inter-imperyalistang tunggaliang umuusbong mula sa lumalalim at sumisidhing krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Sadlak pa rin sa krisis ang pandaigdigang sistemang kapitalista na kinatatangian ng labis na produksyon, bumabagsak na tantos ng kita at lumolobong krisis sa pinansya. Ang nangungunang mga kapitalistang bansa, kabilang ang US, ay umuus-os sa resesyon na lalong magpapalawig sa malaon nang nagtatagal na panahon ng ekonomikong istagnasyon at magdudulot ng ibayong pagdurusa sa malawak na hanay ng masang anakpawis sa buong daigdig.

Lumalakas ang pangamba ng internasyunal na pagguho ng pinansya katulad noong 2008 matapos ang kamakailang sunud-sunod na pagbagsak ng mga bangko at pagguho ng Credit Suisse Bank ng Switzerland at ng hindi bababa sa tatlong bangkong Amerikano (Silicon Valley Bank, Signature Bank, Silvergate Capital Corp) sa maagang bahagi nitong buwan, na kakailanganin ng hindi bababa sa $294 bilyong pondong pansalba, kabilang ang $119 bilyong pondong ibibigay ng gubyernong Swiss para sa bangkong UBS para bilhin ang Credit Suisse. Ang pagguho ng mga bangkong ito ay sinundan 4.5% pagtaas ng tantos sa interes, na pinakamataas sa nagdaang 42 taon, matapos walong beses itong itulak ng US Federal Reserve simula pa Marso 2022 sa harap ng mataas na implasyon. Hanggang 85% ng mga bangko sentral ang sumunod sa US sa pagtataas ng tantos ng interes na ibayong nagpahupa ng mga pamumuhunan at produksyon.

Inaasahang tutumal pa tungong 1.9% ang paglago ng pandaigidang ekonomya mula sa tinatayang 3% noong nakaraang taon. Ang ekonomya ng US ay inaasahang lalong babagal tungo sa kakarampot na 0.4% na paglago ngayong 2023 mula sa katulad nang mabagal na 1.8% noong nakaraang taon. Dumausdos ang United Kingdom sa resesyon noong 2022, at nakatakdang ibayong kikitid pa nang 0.8% ngayong taon. Ang European Union ay inaasahang lumago nang 0.2% lamang mula 3.3%; bumagal ang pag-unlad ng China tungong 3% noong nakaraang taon, at inaasahang lalago nang 4.8% lamang (mula sa naunang target na 6% hanggang 6.5%); habang ang Japan ay nakatakdang lumago nang kakarampot na 1.5% mula sa katulad nang mababang 1.6% noong nakaraang taon.

Labis na nakakonsentra ang yaman sa kamay ng iilang monopolyong kapitalista. Sa US, ang kapitalistang yaman ay labis na nakakonsentra, kung saan 81% ng kabuuang benta at 97% ng mga halaga ng negosyo ay nasa kamay ng nangungunang 1% na mga korporasyon; at ibayong nakokonsentra sa nangungunang 0.1%, na tanging bumubuo sa 60% ng kabuuang benta, at 88% ng halaga ng negosyo. Ang parehong konsentrasyon ng yaman ay nagaganap sa UK at European Union, Japan, China at iba pang sentro ng kapitalismo.

Ang proletaryo at mga mamamayan sa mga kapitalistang bansa ay nagdurusa sa kawalan ng traba-

ho, mataas na presyo ng krudo, pagkain at iba pang batayang bilihin, mababang sahod at sumisidhing kundisyon sa ekonomya. Ang mabilis na pagbulusok ng kalagayang panlipunan ay nag-udyok sa serye ng mga protestang manggagawa sa US, UK, France, Germany, China at ilampu pang bansa. Pumuputok ang mga organisado at ispontanyong welga ng mga manggagawa laban sa mababang sahod sa harap ng matataas na presyo, matinding disempleyo, gayundin laban sa mapang-aping kalagayan sa paggawa, pagbabawas ng pensyon, pagtataas ng edad sa pagreretiro, panunupil sa mga karapatan at iba pang mga isyu.

Bumaling na ang mga monopolyo kapitalistang bansa sa tumitinding proteksyunistang hakbangin para pangalagaan ang kanilang mga ekonomya mula sa kumpetisyon, kasabay na nagsisikap palawakin ang saklaw ng kanilang mga merkado, pinagkukunan ng hilaw na materyales at larangan ng pamumuhunan. Ang US, sa partikular, ay agresibong nagpapataw ng kanyang "kaayusang batay sa alituntunin" sa pagkontra nito sa pagpapalawak ng ekonomya ng China, na hindi maiiwasang tumungo sa ribalan sa kalakalan at pamumuhunan, at kalauna'y, sa limitado at malawakang-saklaw na mga digma para muling hatiin ang daigdig.

Ang US at NATO ay patuloy na nagbubuhos ng bilyun-bilyong dolyar na halaga ng armas na may layuning patagalin ang ngayo'y isang taon nang gera sa Ukraine, para pahinain ang Russia, at tuluyang kontrolin ang mga pamilihan, at pinagkukunan ng mineral, natural na gas at iba pang rekurso sa rehiyon ng Central Europe. Inuulit ngayon ng imperyalistang US ang gayong padron ng pagpapakilos sa mga sunud-sunurang militar o tinaguriang "alyado" para udyukan ang China sa usapin ng soberanya ng China sa Taiwan at pagsasantabi sa matagal nang umiiral na One China Policy, katulad ng ginawa nitong pag-upat sa Russia matapos talikuran ang pangakong katiyakan sa seguridad sa dating Soviet Union sa ilalim ng 1991 Minsk Agreement na hindi ito magpapalapad "kahit isang pulgada patungo sa silangan."

Mayorya ng mga bansang atrasado at nakasalalay sa dayuhang kapital at kalakalan ay ginigipit ng mahinang demand para sa mga produktong *semiprocessed* (bahagyang naproseso), sa partikular mula sa China, laluna sa harap ng labis na produksyon ng *semiconductor* at kagamitang elektroniks. Nag-uunahan ang mga bansang ito sa pagpapababa ng sahod ng mga manggagawa para sa kanila tumungo ang limitadong pamumuhunan. Habang ang mga imperyalista mismo ay nagpapatupad ng mga hakbanging proteksyunista, isinasalaksak naman ang mga patakarang neoliberal sa mga atrasadong bansa para ibayong buksan ang kanilang mga ekonomya at pahintulutan ang dayuhang mga kapitalista na dambungin ang kanilang rekurso at wasakin ang kalikasan. Itinutulak ng malawakang dislokasyon at pang-aagaw ng kabuhayan ng mamamayan na ipagtanggol nila ang kanilang mga buhay at kabuhayan.

Ang krisis sa ekonomya at pulitika ng naghaharing sistema ng Pilipinas ay patuloy na sumisidhi sa ilalim ng ikalawang rehimeng US-Marcos. Ang papet na rehimen ay agresibong nagtutulak na magpatupad ng dagdag na mga patakarang neoliberal na magpapailalim sa masang anakpawis sa higit na matinding mga anyo ng pang-aapi at pagsasamantala. Pinagkakaitan ng ari-arian at inaalisan ng kabuhayan ang masang manggagawa, magsasaka, mangingisda, minoryang mamamayan, at iba pang anakpawis, dahil ang kanilang pinagkakakitaan—mula sa mga pampasaherong dyip, hanggang sa Manila Bay at iba pang tubig pangisdaan, lupang agrikultural at lupang ninuno at iba pa—ay inaagaw sa kanila ng mga imperyalista at mga kasosyo nilang malalaking burgesyang kumprador.

Kasalukuyang iniraratsada ng naghaharing rehimeng Marcos ang mga pagsisikap para amyendahan ang konstitusyong 1987, sa pagkahalal man ng kumbensyong pangkonstitusyon o pagtipon sa kongreso bilang isang *constituent assembly*. Layon nitong idambana ang neoliberal na mga patakarang pang-ekonomya at bakbakin ang ilang prubisyon ng konstitusyon ng Pilipinas na sa papel ay nangangalaga sa lokal na ekonomya. Dagdag sa mga layuning neoliberal na ito, layon din ng pangkating Marcos-Duterte na ibayong pagharian at monopolyohin ang kapangyarihang pampulitika sa pagtatanggal sa mga probisyon sa 1987 na naglilimita sa kapangyarihan para sa pagdedeklara ng batas militar, pagbabawal sa nakaupong presidente na tumakbo para sa isa pang termino, pagbabawal sa armas nukleyar, pagbabawal sa dayuhang tropa at baseng militar liban sa iba pa. Sa pagtutulak nito, inuudyok ng naghaharing pangkating Marcos ang protesta ng malawak na patriyotiko at demokratikong mga pwersa ng mamamayang Pilipino.

Patuloy na sinusulsulan ng imperyalistang gubyerno ng US ang terorismo ng neokolonyal na estado sa pag-aarmas at pagpapakilos sa mga papet na tropa nito para maghasik ng tumitinding brutal na taktika para supilin ang patriyotiko at rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan. Simula 2021, nagbigay ito ng higit $2 bilyong halaga ng armas at tulong panseguridad sa AFP kabilang ang mga pang-atakeng helikopter, *drone* pangmilitar, *jet fighter*, mga bomba at misayl. Ang gubyerno ng US mismo ay may direktang panangutan sa malawakang kampanya ng terorismo at pasistang kabunguhan ng rehimeng Marcos at mga armadong ahente nito laban sa mamamayang Pilipino. Dagdag pa, sa pakikipagsabwatan sa rehimeng Marcos, aktibong itinutulak ng US ang plano nitong magtayo ng apat o higit pang mga base militar at pasilidad sa Pilipinas, bilang bahagi ng paghahanda ng teatro ng digmaan nito laban sa China. Ang estratehi-

kong layunin ng imperyalistang US ay panatilihin ang katayuang atrasado, pre-industriyal at agraryo ng bansa at pagtibayin ang dominasyon at kontrol dito.

Ngayon higit kailanman, hangad ng mamamayang Pilipino na wakasan ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, kamtin ang kalayaan mula sa kontrol at dominasyon ng US, at ilunsad ang reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Ang mga ito ang susing hakbang para baligtarin ang takbo ng kanilang mga buhay at bigyan sila ng pagkakataong tamasahin ang yaman ng Pilipinas na hanggang ngayon ay monopolisado at dinarambong ng imperyalismong US at ng traydor na naghaharing mga uri ng mga burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa.

Ang pandaigdigang kapitalistang krisis at ang nabubulok na estado ng malakolonyal at malapyudal na sistema ay lumilikha ng matabang lupa para sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan. Ang mabilis na bumubulusok na kalagayan ng bansa, laluna sa kanayunan, ay pumupukaw sa malawak na masa ng magsasaka at iba pang mamamayang Pilipino, para maglunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Lahat ng Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at mga kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas ay taos sa buong-pusong paglilingkod sa mamamayang Pilipino. Higit silang determinado na palagablabin at ikalat ang apoy ng pakikidigmang gerilya at isulong ang matagalang digmang bayan.

Ang mga pagsulong at tagumpay na tiyak na matatamo ng mamamayang Pilipino sa darating na panahon ng rebolusyonaryong daluyong ay bahagi ng muling malaking pagsulong ng internasyunal na proletaryado at mamamayan. Malaki at maliit, ang mga rebolusyonaryong patak na ito ay lilikha ng malaking alon na hahampas sa imperyalismo, pasismo at lahat ng reaksyon sa lahat ng panig ng daigdig.

**Labanan ang pinaigting na imperyalistang pang-aapi laban sa mamamayang Pilipino!**
**Magiting na isulong ang digmang bayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya!**
**Palagablabin at ikalat ang apoy ng digmang bayan!**
**Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!**
**Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!**
**Mabuhay ang proletaryo at mamamayang Pilipino!**